# Modyul 19
# Mga Salita/Pangungusap na Nagpapahayag ng Pagtanggap at Pagtanggi
# Mga Salitang Nagpapakilala ng Pagsalungat
# Tekstong Deskriptiv, Tekstong Ekspositori



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay tumatalakay sa;
- pagbubuo ng mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagsasalungatan ng ideya
- paggamit nang wasto ng mga pangungusap na
    - nagpapahayag ng pagtanggi
    - nagpapahayag ng pagtanggap
- pagpapaliwanag ng kahulugan ng matatalinghagang salita at mga idyom
- paglikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama
- pagtukoy sa kahulugan ng salita
    - magkasingkahulugan
    - magkasalungat na kahulugan
    - magkahawig na kahulugan
- pagtukoy kung ang teksto ay
    - deskriptiv
    - ekspositori
- pagpapamalas ng kahusayan sa pagbuo ng magkakaugnay na kaisipan
- pag-uugnay -ugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbubuo ng talata
- pagsunod sa mga tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon





## Ano ang matututunan mo?

Matapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan;

1. nagagamit nang wasto ang mga pangungusap na
    – nagpapahayag ng pagtanggi – nagpapahayag ng pagtanggap
2. natutukoy ang mga salita / pangungusap na nagpapahayag ng pagsasalungatan ng ideya
3. naipaliliwanag ang kahulugan ng matatalinghagang salita at idyom

4. nakalilikha ng bagong salita mula sa dalawang salitang pinaikli at pinagsama
5. natutukoy ang kahulugan ng salita
    - magkasingkahulugan
    - magkasalungat na kahulugan
    - magkahawig na kahulugan
6. natutukoy kung ang teksto ay
    - deskriptiv – ekspositori
7. naipamamalas ang kahusayan sa pagbubuo ng magkakaugnay na kaisipan
8. nakapag-uugnay-ugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbubuo ng talata
9. nakasusunod sa mga tiyak na pamantayan sa pasulat na komunikasyon
    - wastong baybay
    - wastong bantas
    - wastong istruktura
    - wastong gramatika



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Narito ang mga tuntuning dapat mong sundin sa paggamit ng modyul:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mong itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/ susulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang Panimulang Pagsusulit. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.


3. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto ha? Huwag kang mag-alala kung mababa ang markang makuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang mga aralin, kunin muli ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro. Muli maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.

Sige, magsimula ka na!



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sagutin mo ang sumusunod na pagsusulit. Huwag kang mag-alala sakaling hindi mo ito masagot. Layunin lamang nito ay masukat kung ano ang alam mo at di alam tungkol sa araling tatalakayin sa modyul na ito.

Gumamit ka ng hiwalay na sagutang papel sa pagsagot sa pagsusulit na ito.

## A. Gramatika

**A.1. Pagbuo ng Pangungusap na Nagpapahayag ng Pagtanggap at Pagtanggi.**

Panuto: Piliin at isulat sa sagutang papel ang mga salitang nagpapahayag ng pagtanggap at pagtanggi na ginamit sa bawat pahayag.

1. Tunay na marami nang pagbabago ang naganap at magaganap sa Asya.
2. Di totoo na ang mga Asyano ay mababang uri ng lahi.
3. Oo, ang sining sa Asya ay kinalulugdan sa buong mundo.
4. Ayaw ng mga Pilipino na masabing sila'y hindi nagmamahal sa kanilang bansa.
5. Di papayag ang mga Asyano na daigin ng taga-ibang kontinente.

**A. 2. Pagbuo ng Pangungusap na Nagpapahayag ng Pagsalungat**

a Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pahayag ay nagsasaad ng pagtanggi.

______ 6. Oo, ang Pilipinas ay patuloy na sinasakop at sinisikil ng mga dayuhan ang kanyang kalayaan.

______ 7. Di totoo ang pagmamalasakit na ipinagkaloob ng mga Amerikano sa mga Pilipino.

______ 3. Tunay na ang mga Pilipino ay nagtataglay ng sining at kultura na kanyang–kanya lamang.

______ 4. Hindi kailanman papayag ang mga Pilipino na pasakop sa mga dayuhan.

______ 5. Sige, tanggapin natin na ang mga pagbabagong nagaganap sa Asya ay dulot ng teknolohiya.

## B. Pagbasa

### B.1. Matatalinghagang Salita at Idyom

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang letra ng kahulugang napapaloob sa matatalinghagang salita at mga idyom na ginamit sa bawat pahayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot

1. Ang katawan ng ating mga dakilang Asyano ay matagal nang inangkin ng lupa.
2. Tiyak na babaha ng dugo sa oras na agawin ang kalayaan ng bansa.
3. Ang mga Pilipino ay batak ang katawan sa paggawa.
4. Sa kabila ng pagdami ng mga masasama, nakaaangat pa rin sa bilang ang mga Pilipinong may ginintuang puso.
5. Sa mga kontrobersyang nagaganap sa bayan at sa pamahalaan, nagdurugo ang puso ng ating inang-bayan.

| | | |
|---|---|---|
| a. nagdaramdam ng labis | b. namatay | c. mabubuting kalooban |
| d. malakas | e. marami ang mamamatay | |

### B.2. Pagbuo ng Salita Mula sa Dalawang Salitang Pinaikli at Pinagsama.

Panuto: Bumuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagsasama at pagpapaikli ng mga salitang may salungguhit sa bawat pahayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Tayo na sa iba't ibang bansa sa Asya nang makita natin ang kanilang sining
2. Isa sa mayamang sining ng mga Pilipino ay tungkol sa tula, himig at sayaw
3. Bahagi na ng kulturang Pilipino ang pagkain ng tapa, sinangag at itlog sa almusal.

### B.3. Kasingkahulugan

Panuto: Piliin sa Hanay B ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pahayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Umunlad ang industriya sa Asya dahil sa pagkakatuklas at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya. | a. hinihinala |
| 2. Ang pananaliksik ay nakapag-ambag nang malaki sa pag-unlad ng teknolohiya. | b. siyensya |
| 3. Ang bansang Hapon ay isa sa mga bansang may maunlad na ekonomiya. | c. huwaran |
| 4. Modelo sa kaunlaran ang mga bansang Tsina, Vietnam at Korea. | d. kabuhayan |
| 5. Sinasapantaha ng maraming bansa sa daigdig na ang mga bumubuo sa ASEAN ang siyang mangunguna sa kaunlaran ng kabuhayan. | e. nakapagbigay |
| | f. nakapaglimos |

**B.4. Kasalungat**

Panuto: Hanapin sa loob ng pangungusap ang salitang <u>kasalungat</u> ng salitang may salungguhit. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Higit na malaki ang lupang <u>bulubundukin</u> kaysa sa lupang kapatagan sa Silangang Asya.
2. Maraming bansa sa Asya ang <u>agrikultural</u> at ang iba namang bansa ay industriyalisado.
3. <u>Mayaman</u> sa langis ang mga bansa sa gitnang Silangan samantalang salat naman rito ang maraming bansa sa Asya.
4. Ang Pilipinas ay <u>nagluluwas</u> ng niyog samantalang nag-aangkat naman siya ng petrolyo.
5. Isa sa <u>pinakamayamang</u> bansa sa mundo ang Japan samantalang nabibilang naman sa pinakamahirap na bansa ang India.

**B. 5. Mga Salitang Magkakahawig ng Kahulugan**

Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang salitang dapat gamitin sa pangungusap.

1. May (matayog, mataas) na pagpapahalaga ang mga Asyano sa kanilang kultura.
2. Ang sanskrit ay (sinauna, makaluma) wika ng India.
3. Ang mga babaeng Asyano ay (mabini, mahinhin) kumilos.
4. (Mahalumigmig, malamig) ang simoy ng hanging nagmumula sa dulong Silangan ng Asya.
5. (Makapal, Malawak) ang mga lupaing agrikultural sa maraming bansa sa Asya.

## C. 1. Uri ng Teksto

Panuto: Basahin nang tahimik ang dalawang teksto pagkatapos ay sagutin ang mga tanong ukol dito. Titik lamang ng wastong sagot ang isulat. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Umunlad ang industriya dahil sa pagkatuklas at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya . Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, gumaan ang mga gawain at higit na dumami ang produkto. Dahil sa makaagham na pananaliksik ng mga Hapones, umunlad ang kanilang bansa. Itinuturing ang Hapon na higanteng industriyal sa Asya ngayon. Isa ang Hapon sa pinakamayamang bansa sa Asya at maging sa buong daigdig.

Tumutulong ito sa buong mundo sa pananaliksik pang-agham. Nakikipag-ugnayan ito sa iba't ibang institusyon ng pananaliksik sa ibang bansa. Dahil dito, nakapag-ambag ito sa ikauunlad ng agham at teknolohiya sa Asya.

Ang tagumpay sa ekonomiya ng Taiwan, Singapore, at Timog Korea (kilala rin bilang mga bagong industriyalisadong bansa) ay nagbigay-sigla sa iba pang bansang Asyano upang magsikap na matamo ang ganitong tagumpay sa harap ng papalakas na paligsahan sa buong daigdig.

Hango sa*: Panahon, Kasaysayan at Lipunan II*
*Diwa Pub.*

1. Anong uri ng teksto ang binasa?
   a. narativ   b. deskriptiv   c. argumentativ   d. ekspositori
2. Alin sa mga sumusunod na salita ang ginamit upang ilarawan ang teknolohiya na naging dahilan upang maging magaan ang gawain?
   a. mabili   b. makabago   c. mabilis   d. mahusay
3. Ano ang katangian ng ginawang pananaliksik ng mga Hapon kaya umunlad ang kanilang bayan?
   a. makateknolohiya   b. makabago   c. makaagham   d. makakalikasan
4. Saan inihambing ang tinatamasang kaunlaran ng Hapon ngayon?
   a. tigre   b. kabayo   c. higante   d. kapre
5. Lagyan ng tsek (√ ) ang mga parirala/pangungusap na naglalarawan.
   a. Ang Hapon ay isa sa pinakamayamang bansa sa Asya
   b. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, gumaan ang mga gawain at dumami ang produksyon.
   c. Itinuturing ang Hapon na higanteng industriyal sa bansa ngayon.
   d. Ang mga bansang Hapon, Tsina, at Pilipinas ay nasa kontinente ng Asya.
   e. Nakipagdigma ang bansang Pilipinas sa bansang Hapon.

C. 2.

## Umulan ng Grasya

Kung ihahambing sa manok, tapos na ang paglulugon ni Pres. Gloria Macapagal Arroyo.

Para sa kaalaman ng lahat , ang salitang lugon na ginagamit ng mga sanay mag-alaga ay tumutukoy sa manok o ibon na nalalagasan ng mga balahibo o pakpak.

Kaya kung titingnan ngayon ang nangyayari sa Pangulo, parang unti-unti nang tumutubo at nagbabalik ang kanyang mga balahibo at pakpak na magandang senyales. Dahil dito umuulan ng grasya kay Ate Glo habang ang ilan sa kanyang mga kalaban ay atat na atat upang siya ay mapatalsik ay minamalas na at tinatamaan na ng karma.

Bukod sa nakikitang pagbabalik sigla sa mukha ng Pangulo, naging agresibo pa siya ngayon at lalong tumapang. Kaya naman sinimulan na niya ang sariling “media offensive” upang tapatan ang sinasabing “trial by publicity” ng mga kalaban.

Ngunit ang maganda at maipagmamalaking pangyayari ngayon kay Ate Glo ay ang pagkakapili sa kanya bilang No. 4 sa “World’s Most Powerful Women” ng isang magasin sa abroad.

Ang No.1, ayon sa Forbes Magazine ng Amerika, ay si United States Secretary of State Condoleeza Rice, No.2 si Chinese Vice Premiere Wu Yi at No.3 naman si Ukranian Prime Minister Yudia Tymochenko.

Mantakin n'yo na maging ang sikat na TV personality na si Oprah Winfrey ay lumabas na pangsiyam lamang sa talaang ito.

Ang pagkilalang ito na ibinigay ng sikat na Forbes Magazine kay Ate Glo ay nagpapatunay lang na nagsisimula na ang pagdating ng suwerte sa kanyang buhay, mga mare at pare ko.

Palakpakan ang makapangyarihang si Ate Glo!

*Bulgar Agosto 4, 2005*

**D. Uri ng Texto**

1. Anong uri ng teksto ang binasa?
   a. deskriptiv   b. ekspositori   c.narativ   d. argumentativ
2. Paano nagaganap ang paglulugon sa manok at ibon?
   Ito ay _____________ng ibon at manok
   a. pangingitlog at pagtilaok   c. pagkakasakit at pagkapeste
   b. paglalagas ng balahibo   d. paglaki at pagdami
3. Paano ipinakita ng pangulo ang pagbabalik ng kanyang sigla?
   a. nangibang – bayan siya   c. nakipagkaibigan na siya sa oposisyon
   b. agresibo na siya sa trabaho   d. bumalik na sa bansa si First Gentleman Mike

4. Batay sa teksto, paano sinisiraan ng oposisyon si PGMA?
   a. Pinagreresign siya ng oposisyon
   b Pina-iimpeach
   c. gumagasta ng malaking halaga ang oposisyon upang siya'y siraan
   d. lahat ng nabanggit
5. Ayon pa rin sa teksto, paano raw " tumatapang" si Ate Glo?
   a. Kakampi niya ang Diyos
   b. Kakampi niya ang mga military
   c. Kakampi niya ang mga mamamayang Pilipino
   d. Kumakampi sa kanya ang ating mga mamamayang likas na maawain

## E. Katangian ng Teksto

### A. Pagkilala sa Tono ng Teksto

Panuto: Basahin at unawain ang pahayag ,pagkatapos ay piliin ang letra ng tamang sagot.

1.

| |
|---|
| Isang malaking alalahanin para sa mga pinuno ng pamahalaan ang paniniwala ng ilang mga eksperto na sa loob ng susunod na sampung taon, mapag-iiwanan sa pag-unlad ang mga bansang walang kaalaman sa paggamit ng pakinabang ng Internet. |

Alin sa mga sumusunod ang tono na napapaloob sa pahayag?
a. pagkagalit   b. pagkatakot   c. pagkabahala   d. pagkainis

2.

> Sa bansang Hapon, isa sa bawat tatlong paaralan ay nakagagamit na ng Internet. Isa ito sa mga dahilan kung bakit napakaunlad ng Bansang Hapon.

Ang damdaming nakapaloob sa pahayag ay,
a.pagmamalasakit  b. pagkabigla  c. pagkainggit  d. pagkasiya

3.

> Para sa maraming nagmamasid , napag-iwanan ang Pilipinas sa larangan ng edukasyon sa kompyuter. Bago sana mangarap ang pamahalaan na makasabay sa mayayamang bansa sa pagpapaunlad ng edukasyon sa kompyuter, dapat muna nitong lutasin ang matagal nang suliranin sa edukasyon.

Ang pahayag ay may himig na______________
a. pagalit  b. pagkatakot  c. panunumbat  d. pangamba

**F. Pagtukoy ng Relasyon ng Teksto sa Mambabasa**

Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay piliin ang letra ng bisang pangkaisipan at bisang pandamdaming naiwan nito sa mambabasa.

> Ang pagbabago ng mga saloobin at pagpapahalagang pangkabuhayan ay nakatutulong sa pag-unlad ng bansa. Ang mga manggagawa, maging ang mga propesyunal na umaalis ng bansa ay nakapagpapasok ng malaking kita sa kabang – yaman ng bansa. Marami ring Asyano ang tumutungo sa ibang bansa upang kumita ng salapi, upang mabuhay nang maayos at marangal ang pamilya at kaanak. Ang pagkakaroon ng migranteng manggagawa ay sinasabing isang istratehiya ng pamahalaan upang malutas ang kawalan ng hanapbuhay sa bansa.

(1-3) Itsek ang tatlong bisang pangkaisipang hinango sa teksto

a. Ang positibong kaisipan at pagpapahalaga ay nakapagpapaunlad ng bansa.
b. Dapat luwagan ng pamahalaan ang proseso ng pagpapaalis patungong ibang bansa ng ating mga propesyonal sapagkat malaking buwis ang ipinapasok nila sa bansa.
c. Huwag nating pigilan ang mga kaanak nating propesyunal na mangibang bansa upang doon magtrabaho.
d. Dapat pangalagaan ng pamahalaan ang kapakanan ng mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa dahil nag-aakyat sila ng maraming dolyar sa kabang-yaman ng bansa.
e. Dapat patawan ng malaking buwis ng pamahalaan ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa.

(4-5) Panuto: Bilugan ang bilang nga pahayag na nagbibigay ng bisang pandamdaming inihatid ng teksto. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

a. Nakakalungkot isipin na ang ibang bansa ang unang-unang nakikinabang sa ating mga propesyunal.
b. Nakababahalang isipin na sa pangingibang-bansa ng ating mga kababayan, nagiging diwang dayuhan na ang kanilang isip at damdamin.

c. Di na natin dapat pakialaman ang ating kapwa Pilipino na nangingibang-bayan.
d. Nakakainggit malaman na napakalalaki ng kinikita ng ating mga kababayan sa ibang bansa.

**G. Pagbuo ng magkakaugnay na kaisipan at impormasyon sa pagbuo ng talata.**

Panuto: Ikulong sa kahon ang letra ng mga kaisipan at impormasyong iyong gagamitin sa pagbuo ng talata kung ang paksa mo ay tungkol sa ang sining sa Asya.

a. Likas sa mga Asyano ang pagiging malikhain.
b. Ang sining ay bahagi lamang ng isang malawak na sistema batay sa mga saloobin o damdamin ng tao sa maraming bagay.
c. Binubuo ang sining ng panitikan, istruktura, arkitektura, pagpipinta, musika at sayaw, damdamin at pilosopiya.
d. Bukod sa kamalayan at pag-asa ng isang indibidwal, ipinahahayag din ng sining ang tungkol sa buhay at kalikasan ng mga Asyano.

**H. 1. Pagsunod sa Tiyak na Pamantayan ng Pasulat na Komunikasyon**

Panuto: Piliin sa pahayag ang salitang ginamit na mali ang baybay.

1. Ang mga asyano ay lahing magiting.

2-3 Iba't iba man ang kanilang kultura, nagkakaisa naman ang damdaming maka-bayan ng mga taga Asya.

**H. 2. Panuto: Lagyan ng angkop na bantas ang mga pahayag.**

4. Noong ika 22 BC – 206 BC ay sumilang ang dinastiyang Tsina.
5. Ang mga bansang bumubuo sa Asya ay Pilipinas Hapon Tsina Korea Vietnam at iba pa.

**H. 3. Kawastuang Gramatika**

Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang tamang salitang dapat gamitin sa pahayag.

1. (Madamdamin, Maramdamin) ang mga awiting Asyano.
2. (Nang, Ng) dumating ang mga mananakop, malaki ang naging impluwensiya nito sa sining ng Asya.
3. (Nabahiran, Nababahiran) na ng Kanluraning kultura ang ugaling Asyano.
4. (Ang, Si ) Pangulong Marcos ay Pilipinong kinilala sa Asya dahil sa matalinong pamumuno.
5. (Sinuman, Sino man) sa mga Asyanong nakilala sa iba't ibang larangan ay karapat-dapat.

Kung tapos mo nang sagutin ang pagsusulit, kunin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto. Pag-aralan mong mabuti ang modyul na ito kung hindi mo masagutan ang 95% ng mga aytem.

Kung wala kang mali sa pagsusulit, pag-aralan mo na ang susunod na modyul.

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

Sab. Aralin 1-A

### Mga Salita / Pangungusap na Nagsasaad ng Pagtanggap / Pagtanggi


Layunin

Nakikilala at nagagamit nang wasto ang mga salita / pangungusap na nagpapahayag ng pagtanggap at pagtanggi

Alamin

| |
|---|
| Sa panahon ngayon ng agham at teknolohiya, dapat na ang bansang agrikultural ay maging teknolohikal na rin upang umunlad. |

Tinatanggap mo ba o tinatanggihan ang pahayag?



Malinaw ba na naipahayag ng nagsasalita ang kanyang pagtanggap at pagtanggi sa isyu? Anu-ano ang mga salita at pangungusap ang ginamit niya upang maipahayag ang kanyang saloobin?

Upang malaman mo ang mga ito, dumako ka sa susunod na gawain.

## Linangin

| | |
|---|---|
| Pagtanggap | – mga pahayag na nagsasaad ng pagkilala, pagpayag, pagsang-ayon at positibong tugon tulad ng oo, sige, tunay, at totoo. |
| Pagtanggi | – mga pahayag na nagsasaad ng pagsalungat, at negatibong tugon tulad ng hindi, ayaw, di- totoo, at iba pa. |

Basahin ang teksto tungkol sa mga pagbabagong nagaganap sa Asya at tingnan kung paano ginamit dito ang mga salita / pangungusap na nagpapahayag ng pagtanggap at pagtanggi.

### Mga Pagbabagong Pangkabuhayang Nagaganap sa Asya

Ang kabuhayan o ekonomiya ng mga bansa sa Asya ay hindi magkakatulad. Totoo na iba-iba ang kanilang kabuhayan. Nahahati sa ekonomiyang agrikultural at industriyal ang kabuhayan ng mga ito. May mga bansa rin namang may ekonomiyang agro-industriyal tulad ng Pilipinas. Tunay na makakaagapay na ito sa mga bansang industriyal-teknolohikal. Kabilang ang mga bansa sa Timog Silangang Asya sa mga bansang agrikultural. Hindi pa sila handang papasukin nang lubusan ang teknolohiya sa kanilang bansa. Ang Korea, Taiwan, Hapon at Tsina naman ay mga bansang may ekonomiyang industriyal at komersyal.

Karaniwang nabubuhay sa pagsasaka ang mga bansa sa Asya noon at ngayon. Ayaw nilang lubusang tanggapin ang mga pagbabagong dulot ng agham at teknolohiya. Sa bansang Hapon, umunlad ang pagsasaka dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiya, patabang kemikal at mabuting binhi.

*Hango sa: Wika at Panitikan*
*sa Makabagon Panahon II,*
*Diwa Publication*

Matapos mong basahin at unawain ang mga pahayag at teksto na ginagamitan ng mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagtanggap at pagtanggi, dumako ka sa susunod na bahagi upang malaman mo kung kaya mong kumilala at gumamit ng mga salita at pangungusap na ito.

O, sige simulan mo na.

## Gamitin

A. Balikan ang bahaging “Alamin”. Ilagay sa Hanay A ang mga salita o pangungusap na nagbigay ng dahilan kung bakit tinatanggap ng nagsasalita ang teknolohiya at sa Hanay B ang mga salita/pangungusap na nagsasaad ng kanyang pagtanggi sa teknolohiya.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay 4 hanggang 5, dumalo ka na sa susunod na gawain, kung 3 pababa, balikan mong muli ang paliwanag tungkol sa mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagtangap/pagtanggi.

Gawin mo na ang susunod na gawain.

B. Balikan at basahin mong mabuti ang teksto, pagkatapos ay kunin ang mga pahayag na nagsasaad ng pagtanggap at pagtanggi na ginamit dito, itala ito sa dakong ibaba.

B.1. Mga pahayag na nagsasaad ng pagtanggap.
   a. ______________________________________________
   b. ______________________________________________
   c. ______________________________________________

2. Mga pahayag na nagsasaad ng pagtanggi.
   a. ______________________________________________
   b. ______________________________________________
   c. ______________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kapag ang iskor mo ay 4 hanggang 5, dumako ka na sa susunod na gawain, kung ang iskor mo ay 2 pababa, muli mong balikan ang gawain B.1.

O, handa ka na ba? Gawin mo na ang susunod na gawain.

C. Panuto: Kung ang pahayag ay nagsasaad ng pagtanggap, bumuo ng pahayag na nagsasaad ng pagtanggi batay dito. Kung ang pahayag naman ay nagsasaad ng pagtanggi, bumuo naman ng pahayag na pagtanggap batay pa rin dito. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

hal. Pagtanggap – Totoo na marami nang pagbabagong pangkaunlaran ang naganap sa Asya.
Pagtanggi – Hindi totoo na marami nang pagbabagong pangkaunlaran ang naganap sa Asya.

1. Oo,kailangan ngayon ng mga bansa sa Asya ng industriyalisasyon.
______________________________________________________
______________________________________________________
2. Ayaw kong maging industriyalisado ang Pilipinas dahil magkakaroon ng polusyon ang ating kapaligiran.
______________________________________________________
______________________________________________________
3. Di-totoo na mabagal ang pag-unlad kapag agrikultural ang bansa.
______________________________________________________
______________________________________________________
4. Tunay na makaaagapay tayo sa globalisasyon kapag ang Pilipinas ay tunay na naging industryalisado.
______________________________________________________
______________________________________________________
5. Hindi lamang industriyalisasyon ang maaaring makapagpaunlad ng bansa, marami pang paraan.
______________________________________________________
______________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kapag ang iskor mo ay 4 hanggang 5, tumungo ka na sa iba pang gawain sa modyul na ito ngunit kung 2 pababa ang iskor mo, balikan mong muli ang bahaging <u>Linangin</u> upang mapagbalik-aralan mo ang tungkol sa mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagtanggap at pagtanggi.

## Lagumin

Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

Bilang paglalagom, ipaliwanag mo kung ano ang ipinahahayag ng mga salita/pangungusap na nagsasaad ng;

a.1. Pagtanggap
____________________________________________________
____________________________________________________

2. Pagtanggi

______________________________________________________
______________________________________________________

b. Ibigay mo ang mga salitang ginagamit upang ipahayag mo ang iyong pagtanggap at pagtanggi ng isang bagay o isyu.
   1. Mga salitang gumagamit ng pagtanggap

______________________________________________________
______________________________________________________

   2. Mga salitang gumagamit ng pagtanggi

______________________________________________________
______________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Alam mo na ba kung ano ang dapat mong gawin kapag ang iskor mo ay 4 pataas gayundin kung ang iskor mo ay 2 pababa.

Dumako ka na sa susunod na gawain.

## Subukin

Panuto: Ikulong sa kahon (☐) ang mga bilang ng pahayag na nagpapahayag ng <u>pagtanggap</u> at bilog (◯) naman ang gamitin mong pangkulong sa mga bilang ng pahayag na nagpapahayag ng pagtanggi. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot

1. Di ako naniniwala na napag-iiwanan na ng kaunlaran ang maraming bansa sa Asya.
2. Sige, sumasang-ayon ako na ang industriyalisasyon ay napapanahon na at dapat tanggapin ng maraming bansang naghihirap.
3. Oo at maunlad ang mga industriyalisadong bansa, pulyuted naman ang kanilang kapaligiran.
4. Ang mga pagbabagong nagaganap sa Asya ay hindi pawang pangkaunlaran.
5. Sige pumapayag ako na umuunlad ang maraming bansa sa Asya dahil sa teknolohiya.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, dumako ka na sa <u>Sub Aralin 2</u>, kung marami kang mali,gawin mo ang bahaging <u>Paunlarin</u>.

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto. Pagkatapos ay kumuha mula sa teksto ng mga pahayag na ngsasaad ng <u>pagtanggap</u> at <u>pagtanggi.</u>
Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

## Mga Pagbabago sa Ekonomiya sa Pagdaraan ng Panahon

Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig (*World War II*), masasabing halos lahat ng bansa sa Asya ay nagsikap upang makabangon sa kahirapang dinaranas bunga ng digmaan. Totoong nagtulung-tulong ang mga bansa upang kumilos para matamo ang ganap na kaunlaran. Tunay na ang mga bansang Hapon, Tsina, Taiwan, at Singapore ang nanguna sa pagkilos na ito. Sa katunayan, nagsimula nang kakitaan ng kaunlarang pang-ekonomiya ang Asya noon pa mang nakaraang dalawang dekada.

Oo, matapos ang Ikalawang Digmaaang Pandaigdig (at digmaan sa Vietnam at Korea), ang Asya ay bumangon bilang isang pangunahing kabisera ng sektor ng paggawa, komersyo, at pananalapi. Sa pangunguna ng Hapon, tunay na mabilis ang naging pag-asenso ng maliliit na bansa noong mga dekada 1970 at 1980.

Isa ang bansang Hapon sa may pinakamalaking ekonomiya sa buong mundo. Kinikilala rin ito bilang pangunahing tagapagbigay ng tulong sa mga naghihirap na bansa.

Sa kabilang banda, hindi na rin nagpapahuli ang mga bansang sosyalista tulad ng Tsina, Vietnam, at Hilagang Korea sa kaunlaran na sumusubok na rin sa prinsipyo ng malayang kalakalan at pamilihan (*free market*).

Kung dati ay Hapon ang sentro ng teknolohiya sa Asya, ayaw na ngayon pahuli ng Timog Korea, Singapore, Tsina at Taiwan na tinatawag na *Newly – Industrialized Countries* (NIC).Kilala ang mga bansang ito sa dating tawag na apat na dragon ng Asya. Dragon ang tawag sa bagong umuunlad na bansa. Nagsimulang umunlad ang mga bansang ito matapos gawing modelo sa kaunlaran ang mga simulain ng bansang Hapon. Ngunit ngayon, humuhubog na ng mga patakarang iba sa patakaran ng Hapon ang mga bansang ito.

Hindi rin malayong sumunod sa landas ng kaunlaran ang mga bansang kasapi ng ASEAN. Sinasabing totoong malaki ang epekto ng mga bagong kaganapan sa Asya sa balanse ng kapangyarihan. Sinasapantaha ng mga sosyal at pulitikal na siyentipiko na sa nalalapit na hinaharap, malamang na hindi na nakatuon ang kapangyarihang pulitikal sa mga *superpower* sa pangunguna ng Estados Unidos at iba pang bansa sa Europa , kundi sa mga industriyalisadong bansa ng Asya.

Umunlad ang industriya sa Asya dahil sa pagkakatuklas at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, sadyang gumaan ang mga gawain at higit na dumami ang produkto. Dahil sa pananaliksik sa agham ng mga Hapones, umunlad ang kanilang bansa. Ang Hapon ngayo’y isang “higante” sa Asya kung pag-uusapan ang mauunlad na bansa. Isa ang Hapon sa pinakamayamang bansa sa Asya at maging sa buong daigdig. Tumutulong ito sa

buong mundo sa pananaliksik sa larangan ng agham. Nakikipag-ugnayan din ito sa iba't ibang institusyon ng pananaliksik sa ibang bansa. Dahil dito, nakapag-ambag ito sa ikauunlad nang malaki ng agham at teknolohiya.

Ang tagumpay naman sa ekonomiya ng Taiwan, Singapore, at Timog Korea ay nagbibigay-sigla sa iba pang bansang Asyano upang magsikap na matamo ang ganitong tagumpay sa harap ng papalakas na paligsahan sa buong daigdig.

Ang mga bansang kasapi ng ASEAN (*Association of Southeast Asian Nations*) ay kabilang sa mga bansang naghahangad na makamtan ang isang mabuting ekonomiya. Ang mga bansang ito, gayong maunlad kung ihahambing sa mga karatig-bansa na may kaunting likas na yaman.

Ang kalagayang ito ang nagbunsod sa kanila upang magtayo ng isang sona ng malayang kalakalan (*free trade zone*) kung saan makikinabang ang mga bansang kasapi ng ASEAN. Nangangahulugan ito ng higit na murang sangkap sa paggawa at bagong mga produktong panluwas. Sa panig ng mga mamimili, mangangahulugan ito ng higit na mura at maraming uri ng mga produktong mapagpipilian.

May mga bansa namang paunti-unting pinauunlad ang mga industriya, gayundin ang agrikultura. Sa Taiwan, parehong binibigyan ng pansin ang pagpapaunlad ng agrikultura at industriya sa paniniwalang kailangan ito ng bansa. Sa Timog Korea naman, pinalalakas ang produksyon ng pagsasaka upang hindi manghina ang ekonomiya nito. Iniisip nito na hindi na kailangan ng bansa na umangkat ng mga produkto kung marami at sagana ang produksyon ng agrikultura sa bansa. Sa Malaysia, unti-unting nagkakaroon ng iba't ibang kabuhayang may kaugnayan sa industriya. Ang mga bansang Asyano ay gumagawa ng hakbang tungo sa pagiging agro-industriyal.

*Hango sa: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon*
*Diwa Publication*

a. Pagtanggap

1. ____________________________________________________
   ____________________________________________________

2. ____________________________________________________
   ____________________________________________________

3. ____________________________________________________
   ____________________________________________________

b. Pagtanggi

4. ____________________________________________________
   ____________________________________________________

5. ______________________________________________________
______________________________________________________

Matapos mong mapag-aralan ang pagkilala at paggamit ng mga salitang ginagamit sa pagtangap at pagtanggi, alam kong handa ka na upang tumungo sa susunod na gawain, at ito ay tungkol sa pagkilala at paggamit ng mga salitang nagsasaad ng pagsalungat.

Handa ka na ba?

Simulan mo na!

## Sub Aralin 1-B
## Mga Salitang Nagpapakilala ng Pagsalungat

## Layunin
Nakikilala at nagagamit ang mga salitang ginagamit sa pagsalungat

## Alamin

"Ang pagsalungat ay hindi paglaban…"

Madalas na sumasalungat tayo sa mga bagay – bagay dahil ibig nating mapabuti kung ano man ang maaaring ibunga ng pangyayari; hindi dahil sa ibig lang natin itong magbunga ng mga negatibong pangyayari.

**Katangian ng Sining ng Asya**

Mayaman sa sining ang Asya bagamat ang ilan sa mga ito'y unti-unti nang nawawala sa pagdaan ng panahon.

Ang iba't ibang uri ng sining sa Asya ay tanging – tanging kanya lamang ngunit dahil na rin sa pagbabago ng panahon ang mga ito ay naimpluwensyahan na ng sining ng kanluran.

Noong una'y hindi kababakasan ng karahasan ang mga panooring Asyano subalit sa ngayon ang iba rito,tulad ng "Anime" ng Hapon ay punong-puno na ng mga karahasan.

Kahit ang halos karamihan ng kultura sa maraming bansa sa Asya ay nagbabago na, hindi papayagan ng mga Asyano na pati na ang kanilang sining ay magbago na rin.

Batay sa mga pahayag, ang sining sa Asya ay dumaraan sa iba't ibang pagsubok dahil na rin sa pagbabago ng panahon na nagiging dahilan ng mga pagsubok na ito.

Ang mga pahayag na iyong binasa ay naglalaman ng mga pagsalungat.

Ang susunod na bahagi ay naglalaman ng mga gawain na ginagamitan ng mga salitang nagpapakilala ng pagsalungat. Alam kong ibig mong makilala ang mga salitang ito.

Simulan mo na!

Linangin

| |
|---|
| May mga salita tayong ginagamit upang ipakilala/ipakita ang ating pagsalungat sa mga bagay o pangyayaring narinig o ating nakita. Ang mga ito'y ang sumusunod.<br><br>Hindi ngunit subalit<br>Ayaw datapwat kahit<br>Huwag bagamat<br><br>Ginagamit ang mga ito kung ang unang kaisipan ay sinasalungat ng ikalawang kaisipan. |

Balikan mo ang mga pahayag sa bahaging ,"Alamin" . Suriin mo kung paano ginamit ang mga nabanggit na salita upang salungatin ang mga kaisipan ng ikalawang kaisipan.

Halimbawa:

Mayaman sa sining ang Asya, bagamat ang ilan sa mga ito'y unti-unti nang nawawala.

Ang unang kaisipan ay, "Mayaman sa sining ang Asya", sinalungat ito ng ikalawang kaisipan, "bagama't ang ilan sa mga ito'y unti-unti nang nawawala." Ang salitang ginamit na nagpapakilala ng pagsalungat ay bagama't.

Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto. Suriin ang mga pahayag na ginamitan ng mga salitang nagpapakilala ng pagsalungat.
Suriin din ang mga pahayag na sumalungat sa unang kaisipan.

## Ang Sining sa Asya

Likas sa mga Asyano ang pagiging malikhain. Ginagamit nila ang kanilang imahinasyon upang makagawa ng magandang bagay. Dahil dito nalinang nila ang iba't ibang sining. Sa pamamagitan ng mga arkeologo, natagpuan sa mga guho ng matandang sibilisasyong nakabaon sa lupa ng mga sinaunang sibilisasyon.

Ang sining ay bahagi lamang ng isang malawak na sistemang batay sa mga saloobin o damdamin ng tao tungkol sa binubuo ng panitikan, iskultura,pagpipinta, musika, sayaw, drama at pilosopiya. Narito ang sining sa iba't ibang bansa sa Asya.

**Panitikang Sumer**

Isa sa pinakamahalagang nagawang panitikan sa Mesopotamia ang Epiko ng Gilgamesh. Natagpuang nakaukit ang epikong ito sa 12 lapida sa mga labi ng palasyo ni Asurbanipal.

Sinasabing isinulat ito sa wikang Akkadin noong 2000 B.C. bagama't nagmula ang epikong ito sa kwentong Sumerian. Batay ang porma nito sa natagpuang 30,000 piraso ng isang buong lapida. Dito nakaukit ang kasaysayan ni Gilgamesh sa tatlong wika.

Ayon sa Alamat, si Gilgamesh ay hari ng Uruk, isang estadong lungsod sa Mesopotamia. Nakipaglaban siya sa kaaway na tribo ngunit nang lumaon ay naging kaibigan niya. Isa sa nakawiwiling kwento sa epiko ay ang tungkol sa malaking delubyo (baha) na nakatatak sa lapida XI. Halos katulad ng nasabing kwento ang malaking baha sa Lumang Tipan kung saan si Noah at ang kanyang pamilya ang tanging nakaligtas.

**Panitikang Persian**

Sa Iran nagmula ang mga dakilang tao na nakalikha ng mga obra maestra na inihahanay sa mga dakilang pamanang pandaigdig sa larangan ng literature o panitikan. Si Firduwi isa sa dakilang epikong makata ng Iran ang may-akda ng kinagigiliwang Shahnama (Aklat ng mga Hari). Binubuo ito ng 60,000 magkakatugmamg esuplet. Isinalin naman ni Matthew Arnold sa wikang Ingles ang Sehrab at Rustum, isa sa makabayang alamat ng epikong Persian.

Si Omar Khayyam ang itinuturing na isa pang tanyag na makatang Persian. Kilala siya sa pagiging magaling na makata dahil sa kanyang tulang Rubaiyat, datapwat higit siyang tanyag sa larangan ng Agham at Pilosopiya.

Itinuring ng mga Islamikong manunulat bilang "pinakamaningning na hiyas sa lahat ng panitikang Persian" si Sadi, ang pinakadakilang nobelista ng Persia (Iran ngayon). Ang Rose Garden o Gulistan ang kanyang obra maestra na isang klasikong modelo ng panitikang tuluyan (prose literature).

**Panitikang Indian**

Itinuturing ang Mahabharata na pinakamahabang tulang epiko sa daigdig. Binubuo ito ng may 10,000 couplet na nagsasalaysay ng mga labanan o digmaan sa pagitan ng magkaribal na paksyon ng angkang Pandavas at Kamava. Tinulungan sila ni Khrisma, ang kanilang diyos upang mapagtagumpayan nila ang madugong labanan kahit hindi niya ito ginagawa sa lahat ng labanan. Sinulat at dinagdagan

pati ng iba’t ibang manunulat sa pagitan ng 500 B.C. at 500 AD. Nakapaloob sa epikong ito ang mga alamat, kasaysayan at pilosopiyang Hindu.

## Panitikang Tsino

Noong panahon ng Dinastiyang Tang sa Tsina, nakilala ang mga dakilang manunulang Tsino na sina Tu Fu at Li Po. Si Tu Fu ang isa sa mga kinikilalang dakilang babaeng makata, si Li yian noong panahong iyon. Maging ang tula ay naging bahagi rin ng buhay ng mga Tsino. Ginagamit nila itong gabay sa pang-araw-araw nilang pamumuhay.

Hindi lang makata ang mga Tsino kundi mahusay rin silang nobelista. Ang Hung-Lou Meng at Chen Ping Mei ay dalawang ipinagmamalaking nobelang Tsino. Ang una ay tumatalakay sa pagbagsak ng isang dakilang pamilya, samantalang ang ikalawa ay nagsasalaysay sa masalimuot na buhay ng isang negosyante.

Sa larangan naman ng kasaysayan, nakilala si Ssuma Chien bilang “Ama ng Kasaysayang Tsino”. Sinulat niya ang sinaunang kasaysayn ng Tsina. Ayaw ng mga Tsino na mabahiran ng impluwensyang Kanluranin ang kanilang panitikan subalit hindi mapipigilan  ang ganito bunga na rin ng pagbabago ng panahon.

*Hango sa : Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon*
*Diwa Publication*

Matapos mong basahin ang teksto, tiyak na naragdagan ang kaalaman mo kung paano makikilala ang mga salita na nagpapakilala ng mga pagsalungat.

Gawin mo ang susunod na gawain upang matiyak mo kung nauunawaan mo nang lubos ang mga salitang nabanggit.

## Gamitin:

Basahin mo ang bahaging ‘Alamin” at gawin ang sumusunod. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

A. Panuto: Kunin mula sa mga pahayag ang mga salitang ginamit na nagpapakilala ng pagsalungat

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________

B. Mula pa rin sa mga pahayag sa bahaging “Alamin” kunin ang a) kaisipang sinalungat,
b) kunin ang salitang nagpapahayag ng pagsalungat.

1. Pahayag blg. 1
   a. ____________________________________________
   b.____________________________________________
2. Pahayag blg. 2
   a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________
3. Pahayag blg. 3
   a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________
4. Pahayag blg. 4
   a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________

C. Basahing muli ang tekstong pinamagatang, “ Ang Sining  sa Asya” at sipiin ang;
a) pahayag na sumasalungat  b) salitang ginagamit sa pagpapahayag ng pagsalungat.

1. a. ____________________________________________
   ____________________________________________
   b. ____________________________________________
2. a. ____________________________________________
   ____________________________________________
   b. ____________________________________________
3. a. ____________________________________________
   b. ____________________________________________
4. a. ____________________________________________
   ____________________________________________
   b. ____________________________________________
5. a. ____________________________________________
   ____________________________________________
   b. ____________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot, gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong makilala at matutunan ang paggamit ng mga salitang nagpapakilala ng pagsalungat, alam kong kaya mo nang gawin ang susunod na gawain.

Hala na, simulan mo na!

## Lagumin

A. Panuto: Punan ang patlang ng wastong salitang nagpapakilala ng pagsalungat. Kunin ito sa loob ng kahon. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Sa dulang "Sakuntala" ng India, ang pinakatanyag na klasikong drama sa bansang ito, ipinakikita rito ang dakilang pag-ibig ni Haring Dusyanta kay Sakuntala, _________ hindi ito nagkaroon ng katapusan.
2. Sinisikap ng mga Tsino na manatili ang kanilang kultura sa kanilang mga katutubong sining _________ hindi ito nagkaroon ng katuparan.
3. Maganda at tanyag ang sining ng kanluranin, __________ naman itong lubusang tanggapin ng mga Asyano.
4. Ang musika ay wika ng kaluluwa ___________ naman ito tinatanggap ng marami.
5. Anumang bagay na makaluma, kahit pa sining ay maaaring magbago, ____________ sana natin itong kalimutan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| a. huwag | b. datapwa | c. ngunit | d. ayaw | e. hindi |

B. Buhat sa mga pahayag sa bahaging A ng gawaing ito, sipiin ang pahayag na sumasalungat sa naunang kaisipan.

1. ____________________________________________
   ____________________________________________
2. ____________________________________________
   ____________________________________________
3. ____________________________________________
   ____________________________________________
4. ____________________________________________
   ____________________________________________
5. ____________________________________________
   ____________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung nagawa mong sagutin ang bahaging ito, magagawa mo rin ang susunod na gawain.

Sige, simulan mo na!

## Subukin

A. Panuto: Salungguhitan ng minsan ang pahayag na sumasalunggat sa unang kaisipan. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Matibay ang pagkakaisa ng mga Hapon, subalit nababakas pa rin sa kanilang panitikan ang pagsasalungatan ng kanilang kaisipan.
2. Ang itinuturing na isa sa pinakamatandang musika sa daigdig ay nagmula sa Tsina kahit na ang ganitong paniniwala ay di lubusang tinanggap ng marami.
3. Naiiba ang arkitekturang kanluranin subalit hindi ito nangangahulugang higit na magaling ito.
4. Ang Templo ng Borobodur sa Java, Indonesia at Angkor Wat sa Cambodia ay mga halimbawa ng obra maestra ng arkitekturang India subalit hindi ito lubusang napagyayaman ng pamahalaan ng India.
5. Ang Taj Majal sa India ay pinakamarangyang palasyo sa India na kinabuburulan ng emperador at ng kanyang asawa kahit sa kamatayan ay hindi naghihiwalay.

Iwasto mo ang iyong sagot, kung ang iskor mo ay 4 pataas huwag mo nang gawin pa ang susunod na bahagi, ibig sabihin ay natuto ka nang lubos. Subalit kung 3 pababa naman ang iskor mo, gawin mo ang susunod na bahagi, ibig sabihin dapat mo pang pagyamanin ang iyong kaalaman sa araling ito.

## Paunlarin

Panuto: Dugtungan ang bawat kaisipan ng pahayag na nagpapakilala ng pagsalungat sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang nagpapahayag ng pagsalungat na nasa dakong ibaba sa loob ng kahon.

1. Likas ang hilig ng mga Asyano sa paglilibang at paglalaro (datapwat)
   ______________________________________________
2. Kailangan ng bawat Asyano ang paglalaro bilang ehersisyo ng katawan (subalit)
   ______________________________________________
3. Sinasabing sa Martial Arts nakasentro ang palakasan sa Asya (huwag naman)
   ______________________________________________
4. Itinatag ang mga samahang pampalakasan upang magkaroon ng pagkakaisa at pagtutulungan ang mga bansang Asyano (ngunit)
   ______________________________________________
5. Noong 1998 ginanap sa Bangkok Thailand ang huling Asian Games (kahit)
   ______________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa guro mo.

Makatutulong sa iyong pag-unawa sa susunod na aralin ang mga natutuhan mong salitang ginagamit sa pagtanggap at pagtanggi at mga salitang nagpapahayag ng pagsalungat.

Handa ka na ba?

Gawin mo na ang susunod na aralin.

Sub-Aralin 2.A.

## Tukuyin ang Teksto

### Layunin

- Natutukoy ang mga katangian ng tekstong deskriptiv
- Natutukoy ang kahulugan ng salita
- Magkasingkahulugan
- Magkasalungat na kahulugan
- Magkahawig na kahulugan

### Alamin

Ang Asya sa kasalukuyan ay sumasailalim sa maraming pagbabago dulot ng iba't ibang salik o puwersa.

Ang mga pagbabagong ito ay maaaring nagaganap sa ekonomiya, pamahalaan, relihiyon, kapaligiran, pamilya, at sa iba pang aspeto.

a)

Mga pagbabagong nagaganap sa Asya sa iba't ibang Aspeto

Ekonomiya- mataas na ang antas ng pag-unlad at pagsulong ng kabuhayan ng mga bansa sa Asya dahil sa globalisasyon.

Pamahalaan-maraming bansa sa Asya ang nagpalit na ng uri ng kanilang pamahalaan. Tulad sa Pilipinas, mula sa Presidensyal, binabalak itong gawing Parlyamentaryo.

Relihiyon-iba-iba ang relihiyon sa Asya. Sa Pilipinas dumarami na ang lumilipat sa iba't ibang sekta; Mula sa Katolisismo, naging Born Again ang iba, ang ilan ay naging Adbentist, Iglesia at iba pa.

Kapaligiran- Ang maraming lupaing agrikultural sa maraming bansa sa Asya ay naging residensyal na.

Pamilya- dati ay walang anumang paraan upang ang mga mag-asawa sa mga bansang Asyano ay mapaghiwalay. Subalit dahil sa pagkakaroon na ng analment at diborsyo, ang dating mag-asawang nagmamahalan at nagsasama na nang matagal ay naghiwalay.

Sining- nagbabago na rin ang mga sining sa mga bansang Asyano.Tinanggap na rin ang sining ng mga kanluranin.

Sagutin:

1. Paano inilalarawan ang mga pagbabagong nagaganap sa ib't ibang aspeto sa mga bansang Asyano?
2. Anu-anong mga salita ang ginamit upang ilarawan ang mga pagbabagong nagaganap?
3. Anong uri ng pahayag/teksto ang binasa?

Upang malaman ang uri ng tekstong naglalarawan ng mga bagay-bagay, dumako ka sa susunod na bahagi.

## Linangin

| |
|---|
| Deskriptiv ang isang teksto kung ito ay nagtataglay ng mga impormasyong may kinalaman sa pisikal na katangian ng isang bagay, lugar at maging ng mga katangiang taglay ng isang tao o pangkat ng mga tao, kalimitang tumutugon ito sa tanong na Ano. |

Panuto: Basahin nang tahimik at unawain ang sumusunod na teksto, pagkatapos ay gawin ang mga gawaing nauukol dito.

Bago mo basahin ang teksto, basahin ang pamatnubay na tanong na iyong sasagutin pagkatapos mong basahin ang buong teksto.

Pamatnubay na Tanong:

Saan inihambing ang bansang Hapon? Karapat-dapat kayang dito ihambing ang bansang Hapon dahil sa kanyang napaka-unlad na ekonomiya?

Hala na, basahin mo ang sumusunod na teksto.

### Ang Antas ng Pagsulong at Pag-unlad ng Asya

Ang kabuhayan o ekonomiya ng mga bansa sa Asya ay hindi magkakatulad. Nahahati sa ekonomiyang agrikultural at industriyal ang kabuhayan ng mga ito. May mga bansa rin namang may ekonomiyang agro-industriyal tulad ng Pilipinas. Kabilang ang mga bansa sa Timog Silangang Asya sa mga bansang agrikultural. Ang Korea, Taiwan, Hapon, at Tsina naman ay mga bansang may ekonomiyang industriyal at komersyal.

Karaniwang nabubuhay sa pagsasaka ang mga bansa sa Asya noon at ngayon. Sa bansang Hapon, umuunlad ang pagsasaka sa paggamit ng makabagong teknolohiya, patabang kemikal, at mabuting binhi.

Umunlad ang industriya sa Asya dahil sa pagkakatuklas at pagpapaunlad ng agham at teknolohiya. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, sadyang gumaan ang mga gawain at higit na dumami ang produkto. Dahil sa pananaliksik sa agham ng mga Hapones, umunlad ang kanilang bansa. Ang Hapon ngayo'y isang "higante" sa Asya kung pag-uusapan ang mauunlad na bansa. Isa ang Hapon sa pinakamayamang bansa sa Asya at maging sa buong daigdig. Tumutulong ito sa buong mundo sa pananaliksik sa larangan ng agham. Nakikipag-ugnayan din ito sa iba't ibang institusyon ng pananaliksik sa ibang bansa. Dahil dito, nakapag-ambag ito sa ikauunlad nang malaki ng agham at teknolohiya.

Ang tagumpay naman sa ekonomiya ng Taiwan, Singapore, at Timog Korea ay nagbibigay-sigla sa iba pang bansang Asyano upang magsikap na matamo ang ganitong tagumpay sa harap ng papalakas na paligsahan sa buong daigdig.

Ang mga bansang kasapi ng ASEAN (*Association of Southeast Asian Nations*) ay kabilang sa mga bansang naghahangad na makamtan ang isang mabuting ekonomiya. Ang mga bansang ito, gayong maunlad kung ihahambing sa mga karatig-bansa na may kaunting likas na yaman. Ang kalagayang ito ang nagbunsod sa kanila upang magtayo ng isang sona ng malayang kalakalan (*free trade zone*) kung saan makikinabang ang mga bansang kasapi ng ASEAN. Nangangahulugan ito ng higit na murang sangkap sa paggawa at bagong mga produktong panluwas. Sa panig ng mga mamimili, mangangahulugan ito ng higit na mura at maraming uri ng mga produktong mapagpipilian.

May mga bansa namang paunti-unting pinauunlad ang mga industriya, gayundin ang agrikultura. Sa Taiwan, parehong binibigyan ng pansin ang pagpapaunlad ng agrikultura at industriya sa paniniwalang kailangan ito ng bansa. Sa Timog Korea naman, pinalalakas ang produksyon ng pagsasaka upang hindi manghina ang ekonomiya nito. Iniisip nito na hindi na kailangan ng bansa na umangkat ng mga produkto kung marami at sagana ang produksyon ng agrikultura sa bansa. Sa Malaysia, unti-unting nagkakaroon ng iba't ibang kabuhayang may kaugnayan sa industriya. Ang mga bansang Asyano ay gumagawa ng hakbang tungo sa pagiging agro-industriyal.

*Mula sa: Wika at Panitikan, Sa Makabagong Henerasyon Filipino II*
*Diwa Publication p. 238*

Bago mo gawin ang susunod na gawain, sagutin mo muna ang Pamatnubay na Tanong.
Gawin mo na ang susunod na gawain matapos mong sagutin ang pamatnubay na tanong.
Upang maging lubusan ang pag-unawa mo sa teksto, gawin ang sumusunod.

A.Pagtalakay sa talasalitaan

A.1. Mga Salitang magkasingkahulugan

> Ang mga salitang magkasingkahulugan ay magkatulad at magkapareho ang kahulugan.
> Hal.
> a) mahinhin - mabini
> b) matangkad - mataas

Panuto: Hanapin sa pangkat ng mga letra sa dakong ibaba ang kasingkahulugan ng mga salitang may salungguhit sa loob ng pahayag. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Ang kalagayan ng mga bansang di- maunlad ay nagbigay-daan upang buuin ng mga Asyano ang ASEAN.
2. Nakahihigit ang mga bansang may maunlad na ekonomiya sa Asya.
3. Ang pananaliksik ng mga Hapones sa larangan ng agham at teknolohiya ay nakapag-ambag nang malaki sa kaunlaran ng kanyang kabuhayan.
4. Mahalaga sa bawat bansang Asyano ang agham at teknolohiya.
5. Mahigpit ang kumpetisyon ng bawat bansa sa larangan ng ekonomiya.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | B | C | D | E | F | G | K | H | I | S | N | J | K | I |
| M | A | N | O | P | Q | R | S | A | A | U | I | A | V | W | X |
| Y | Z | B | A | B | C | D | E | B | F | G | Y | G | H | I | J |
| K | L | M | U | N | O | P | Q | U | R | S | E | B | T | U | V |
| W | P | A | L | I | G | S | A | H | A | N | N | U | B | D | L |
| X | Y | A | B | C | D | E | F | A | G | H | S | N | L | J | R |
| N | A | R | A | K | A | G | X | Y | U | V | Y | S | W | Z | V |
| Z | L | M | N | O | P | Q | R | A | S | T | A | O | T | R | S |
| L | M | A | K | A | P | A | T | N | D | L | O | D | R | S | Y |
| M | P | R | S | N | A | K | A | P | A | G | D | U | L | O | T |

**A.1.2.**

Panuto: Isulat sa patlang ang M kung ang mga salitang may salungguhit sa loob ng pahayag ay magkasingkahulugan at MD kung hindi magkasingkahulugan.

6. Nasangkot sa digmaan ang mga bansang Hapon at Pilipinas at sa giyerang ito ay dumanas ng matinding kahirapan ang mga Pilipino.
7. Ilan sa mga pagbabagong pangkaunlarang naganap sa ilang bansa sa Asya ay pag-aangkat nila ng mga dayuhang produkto at ang pagluluwas nila ng kanilang sariling produkto.
8. Iba-ibang lebel na ng pagsulong ang nagaganap sa Asya at darating ang panahon na aabutin na nito ang pinakamataas na antas ng kanyang pag-unlad.
9. Maraming bansa sa Asya ay nabubuhay sa pamamagitan ng agrikultura habang ang iba naman ay nabubuhay sa industriya.

10.Magpapatuloy sa kanyang pagsulong at pag-unlad ang mga bansa sa Asya sa darating na mga panahon.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ang sumusunod ay karagdagang gawain upang lalo mo pang maunawaan ang kahulugan ng mga salitang ginagamit sa teksto.

Sige, simulan mo na.

A.2. Mga Salitang Magkasalungat ang Kahulugan

> Ang mga salitang magkasalungat ay magkataliwas ang kahulugan.
> Hal. kabutihan - kasamaan, kataasan - kababaan

A.2.1. Panuto: Piliin sa Hanay B ang kasalungat na kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa Hanay A. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Dahil sa makabagong teknolohiya, maraming gawain ang gumaan. | a. kapos |
| 2. Maraming natamong tagumpay ang bansang Hapon sa larangan ng siyensya. | b. makaluma |
| 3. May mga produktong panluwas ang maipagmamalaki ng Pilipinas tulad ng kopra | c. pinahina |
| 4. Sa Timog Korea pinalakas ang produksyon ng pagsasaka. | d. pang-angkat |
| 5. Ang mga bansa sa Asya ay sagana sa likas na yaman. | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

A.2.2. Panuto: Punan ng nawawalang letra ang kahon.upang mabuo ang kasalungat na kahulugan ng salitang may salunguhit sa loob ng pahayag.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | U | | U | B | U | | | U | K | | N |

6. Malalawak ang lupang kapatagan sa maraming bansa sa Asya.

7. Umuunlad ang mga bansa sa Asya dahil ginagawa nilang modelo sa kasipagan ang mga Hapones.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | | A | | A | | A | N | |

8. Ang ibang bansa sa Asya ay sumusunod na sa iba pang prinsipyo ng pag-unlad

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| . | A | | U | | A | D |

9. Hindi rin malayong sumunod sa landas ng kaunlaran ang mga bansang kasapi ng ASEAN.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | L | | | I | T |

10. Totoong malaki ang epekto ng bagong kaganapan sa mundo sa mga pagbabagong nagaganap sa Asya.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | A | | I | I | T |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

A.2.3.

Kung ang mga salita ay may kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan, mayroon din itong kahawig na kahulugan.
hal. Ang salitang kaligayahan at kasiyahan ay magkahawig ng kahulugan, nagsasaad ito ng katuwaan, subalit higit na malalim ang damdaming napapaloob sa salitang kaligayahan sapagkat ito'y dulot ng mga bagay na hindi nabibili ngunit mahirap makamit tulad ng tunay na pagmamahal ng kapwa.

Sa kabilang dako, ang kasiyahan ay paimbabaw na damdamin lamang; maaaring ang damdaming ito ay dulot ng materyal na bagay na nabibili ng salapi, tulad ng alahas, mamahaling damit at masasarap na pagkain.

Panuto: Isulat sa patlang ang MK kung ang mga salitang may salungguhit ay magkahawig ang kahulugan at H kung hindi magkahawig ng kahulugan.

______1. Inis at suklam ang nadama ng mga Asyano nang sila'y ituring na mababang uri ng lipi ng mga kanluranin.
______2. Matalino at matalas ang isip ng mga Hapones dahil sila'y bihasa sa siyensya at teknolohiya.
______3. Matipuno at matikas ang pangangatawan ng mga Asyano na nabubuhay sa pagsasaka.
______4. Masarap at masustansya ang mga produkto na naaani ng mga Asyano sa kanilang bukirin.
______5. Mamahalin at mataas ang halaga ng mga produkto ng teknolohiya tulad ng kompyuter at cellphones.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayong nagawa mo na ang mga aralin sa Talasalitaan, sigurado ako na handa ka na upang suriin ang uri ng teksto na pinamagatang , "Mga Pagbabagong Nagaganap sa Asya; Pagsulong at Pag-unlad Nito."

Simulan mo na.

B. I. Pagsusuri ng Tekstong Deskriptiv

Batay sa kahulugang ibinigay sa unahang bahagi ng araling ito, na ang tekstong deskriptiv ay nagtataglay ng mga impormasyong may kinalaman sa pisikal na katangiang taglay ng isang tao, bagay, lugar, at pangyayari. Ito'y paglalarawan ng mga nabanggit .

Halimbawa:

1. Paglalarawan ng tao
   a. Masisipag at matitiyaga sa gawain ang mga Asyano.
   b. Marami sa mga Asyano, tulad ng Hapones at Koreano ay eksperto sa teknolohiya.
   c. Di pahuhuli sa kahusayan ang mga Pilipino pagdating sa teknolohiya.
2. Paglalarawan ng Lugar
   a. Dahil sa pinakamaunlad na bansa ang Hapon, itinuturing itong "higante" sa Asya.
   b. May mga bansa sa Asya na kahit na mayaman sa mga likas na yaman ay di – gaanong maunlad kung ihahambing sa mga karatig – bansa na may kakaunting likas na yaman.
   c. papaunlad ang mga bansa sa Asya na ang ikinabubuhay ay agrikultura at industriya.
3. Paglalarawan ng Bagay
   a. Matataba ang mga produktong maaani sa maraming lupain sa mga bansang Asyano.
   b. Mataas ang kalidad ng mga panindang iniluluwas ng mga bansang Asyano sa ilang karatig-bansa sa Asya.
   c. Pawang produktong teknolohikal ang produksyon ng bansang Korea at Hapon.
4. Paglalarawan ng Pangyayari
   a. Umunlad ang industriya sa Asya dahil sa pagtuklas at pagpapaunlad ng Agham at teknolohiya.
   b. Sa paggamit ng makabagong teknolohiya, sadyang gumaan ang mga gawain at higit na dumami ang produksyon.
   c. Ang tagumpay naman sa ekonomiya ng Taiwan, Singapore at timog Korea ay nagbigay - sigla sa iba pang bansang Asyano upang magsikap na matamo ang ganitong tagumpay sa harap ng papalakas na paligsahan ng buong daigdig.

Matapos mong masuri at mapatunayan na ang tekstong binasa ay deskrptiv sa tulong ng mga halimbawang ibinigay, alam kong handa ka nang gawin ang mga gawaing kaugnay nito.

Simulan mo na.

## GAMITIN

Ang mga sumusunod na teksto ay naglalarawan ng mga pagbabagong nagaganap sa Asya sa iba't ibang larangan .

Panuto: Basahin ang sumusunod na mga teksto pagkatapos ay ilarawan sa sariling pangungusap ang mga pagbabagong naganap sa Asya na tinalakay dito.

1.

> Sa paglipas ng mga panahon, nagkaroon ng malaking pag-unlad ang kalagayan ng buhay ng mga babae sa mga bansang Asyano. Ayon sa mga dalubhasa, maaaring iugnay ang pagbuti ng kalagayan ng kababaihan sa pag-unlad kabuhayan. Nakatulong ang pag-unlad ng kabuhayan sa pagkakaroon ng mataas na edukasyon ng kababaihan. Ito ang tumitiyak sa pagkakaroon ng mga babae ng proteksyon sa lipunan.

Sariling Paglalarawan:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

2.

> Nagsulputan ding parang kabuti ang maraming mga samahan at organisasyon na nagsusulong sa pagkakaroon ng pantay na karapatan ng mga babae. Itinawag ng pansin din ng mga pangkat na ito ang kawalang - katarungan , mahirap na pamumuhay, at di pantay na trato ng lipunan sa kababaihan. Nakatulong ito upang mamulat ang kababaihan sa kanilang mga karapatan at maitaas ang kanilang kalagayan.

Sariling Paglalarawan:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

3.

> Ang mga Asyano ay nag-aangkin ng mayaman at mataas na antas ng kultura. Higit na mauunawaan ang mga gawi at kalinangan nila mula sa kalipunan ng kanilang kaasalan, sining, pamahalaan, relihiyon, saloobin at pananaw.
>
> Ang pananakop ng mga Europeo ay hindi nagtagumpay na wasakin ang kalinangang kinamulatan ng mga Asyano. Nanatili ang sarili nitong kakanyahan na kakaiba sa kulturang kanluranin.

Sariling Paglalarawan:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

4.

> Ang pamilyang Pilipino ay bantog sa pagmamagandang-loob sa mga panauhin, pamilya man itong Kritiyano o Muslim, tagalunsod man o taganayon, tagapatag man o tagabundok, laging bukas ang kanilang tahanan sa sinumang panauhin o nangangailangan.
>
> Umunlad at nagkaroon ng iba't ibang mga balangkas ng pamilya sa Asya dahil sa mga pagbabagong nagaganap. May malaking kinalaman dito ang pagkakaiba-iba ng antas ng kultura o kalinangan at paraan ng pamumuhay ng mga Asyano.

Sariling Paglalarawan

____________________________________________________________

____________________________________________________________

5.

> Itinuturing ng mga bansang Asyano ang edukasyon bilang isang mahalagang pwersa sa pagkakamit ng kaunlaran kaya itinutuon nila ang kanilang pansin at salapi sa pagpapaunlad nito. Kadalasan, naaayon sa kalagayang pangkaunlaran ng isang bansa ang antas ng kamuwangan. Kung may sapat at maayos na pasilidad ang isang bansa, matagumpay nitong maisusulong ang pagtaas ng kamuwangan ng bawat mamamayan. Sa katunayan halos lahat ng bansa sa Asya ay naghahangad na makamit ang mataas na antas - pangkamulatan sa pamamagitan ng iba't ibang programang pang-edukasyon na inilunsad ng pamahalaan.

-ang lahat ng tekstong ginamit ay hango sa,
"Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon, FilipinoII"

Sariling Paglalarawan:

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Matapos mong mapag-aralan ang bahaging ito, handa ka na upang gawin ang susunod na bahagi.

Simulan mo na.

## Lagumin

1. Sa pagbibigay ng kahulugan ng salita, maaaring ibigay ang kasingkahulugan, kasalungat at kahawig na kahulugan nito.
2. Ang tekstong deskriptiv ay nagbibigay ng impluwensyang may kinalaman sa pisikal na katangiang taglay ng isang tao, bagay, lugar o pangyayari. Ito'y naglalarawan ng mga nabanggit.

Matapos malagom ang mga araling natalakay, tingnan mo kung magagawa mo na ang susunod na gawain.

Magsimula ka na.

## Subukin

Panuto: Ibigay ang _____ng mga salitang may salungguhit sa loob ng pahayag.
a. Kasingkahulugan
_____1. Ang mga Asyano ay may <u>matatag</u> na paninindigan.
_____2. Kahit babae, pinaninindigan ng mga Asyano ang kanilang <u>paniniwala</u>.
_____3. Ang mga <u>sinaunang</u> musika sa Asya ay walang katulad sa kagandahan.
_____4. Itinuturing na ang <u>pinakamatandang</u> musika sa daigdig ay nagmula sa Tsina.

______5. Tunay na naiba ang musikang Tsina.

walangkatulad matibay pinakamatagal prinsipyo pinakauna

b. Kasalungat
______6. Noong unang panahon, ipinagkait sa mga babae ang wastong pagkain at edukasyon.
______7. May panahon din sa kasaysayan ng India na tinatanggihan ng mga magulang ang anak na babae.
______8. Isang malaking tagumpay para sa mga kababaihang Bumbay ang makaraos sa panganganak.
______9. Sa Pakistan ipinagbabawal sa mga anak na mag-asawa nang walang pahintulot ang mga magulang.
_____10. Nagsulputang parang kabuti ang mga organisasyong mangangalaga sa kapakanan ng mga kababaihan.

ibinunyag nagtago kabiguan pinayagan tinatanggap

c. Kahawig na Kahulugan
Panuto: Lagyan ng tsek (√) ang pahayag na ginamitan ng salitang magkahawig ang kahulugan.
_____11. Ang ambon at bagyo ay nagdudulot ng baha sa ilang bahagi ng kapatagan.
_____12. May mga bansa sa Asya na nagkakaroon ng digmaang sibil dahil sa pagkakaiba at nagsasalungatang ideya ng mga mamamayan.
_____13. Matatag at matibay ang mga bahay at tahanang Asyano.
_____14. Tahimik at payapa ang buhay ng mga Asyano.
_____15. Mahusay at mabuting manggagawa ang mga Asyano.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Kung ang iskor mo ay 13 pataas, huwag mo nang gawin pa ang susunod na bahagi, ibig sabihin natutuhan mo nang lubusan ang mga aralin. Kung ang iskor mo naman ay 8 pababa, gawin mo ang susunod na gawain.

O, simulan mo na.

## Paunlarin

Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto at pagkatapos ay sumipi ng mga pahayag na deskriptiv.

Lumaki ang pagkakautang ng Pilipinas dahil sa maling patakaran ng pamahalaan sa sobrang paggugol sa mga proyektong wala namang pakinabang para sa mamamayan. Isang halimbawa nito ang Bataan Nuclear Power Plant (BNPP) na ginastusan ng $2 bilyon upang maipatayo ngunit ipinasara lamang. Pinananagutan din ng pamahalaan ang utang ng mga kumpanya sa pribadong sektor. Inako ng pamahalaan ang pagbabayad ng utang ng mga pribadong

kumpanya sa ibang bansa at mga ahensya ng pananalapi. Nang hindi makapagbayad, sinasalo ng pamahalaan ang pagbabayad sa mga utang ng mga kumpanyang ito.

Nakapagpalala pa sa suliranin ang malawakang katiwalian. Malaking bahagi ng mga inutang na salapi ang napunta lamang sa bulsa ng mga tiwaling opisyal ng pamahalaan. Dahil dito, hindi nagamit sa dapat paglaanan ang mga inutang ng pamahalaan.

*Hango sa: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon p. 192*

1. Mga pahayag na deskriptiv

a.______________________________________________________
______________________________________________________

b.______________________________________________________
______________________________________________________

c.______________________________________________________
______________________________________________________

d.______________________________________________________
______________________________________________________

2. Ibigay ang a) kasingkahulugan, b) kasalungat, at c) kahawig na kahulugan ng sinalungguhitang salita sa loob ng pahayag.

a. kasingkahulugan

1. Lumaki ang utang ng gobyerno ng Pilipinas dahil sobrang paggugol.
2. Nakapagpalala pa ng suliranin ng bansa ang malawakang kurapsyon.

b. kasalungat

3. Inako ng pamahalaan ang mga pagkakautang ng mga kumpanya sa mga pribadong institusyon.
4. Maraming maling proyekto ang pinagkagastusan ng pamahalaan kaya't lumaki ang gastos nito.

c. kahawig na kahulugan

5. Malawak ang naging katiwalian sa bansa.

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayong nakilala mo na ang uri ng tekstong deskriptiv, handa ka na upang kilalanin ang isa pang uri ng teksto.

Handa ka na? Simulan mo na!

Sub-Aralin 2-B

Layunin

- Natutukoy ang tekstong ekspositori

**Alamin**

Ang Sining ng Asya

Ang Humanidades (humanities) ay isang malawak na pag-aaral sa saloobin o damdamin at kalikasan ng tao. Ginagamit na batayan sa ganitong pag-aaral ang mga gawa o likhang – sining na itinuturing na pinakamabisa ang paraan ng pagpapahayag ng kamalayan. Sa pamamagitan ng mga ito, mababakas din ang kultura ng isang lahi.

Sinasabing ang sining ay "durungawan ng mundo'. Sa pamamagitan nito, nakikita ang kagandahan, katotohanan, at kabuluhan ng buhay. Sa pamamagitan ng sining, naipahahayag ng tao ang kanyang kaisipan, damdamin at mga pangarap. Ang likhang sining ay nagpapakita ng kaibahan ng tao sa hayup dahil sa paglikha ng kakailanganing pagkamalikhain, talino, kahalagahan, diwa, pag-unawa, at pagpapahalaga sa damdamin. Sa sining naipakikita ng tao ang kawalang-hanggan. Kahit wala na ang may likha, nandoon pa rin ang kanyang obra maestra. Mayaman ang sining ng Asya.

Ang mga sumusunod ay iba't ibang uri ng sining na tanging-tanging sa Asya lamang makikita.




Kabuki isa sa mga klasikong sining sa tanghalan ng Hapon. Pawang mga kalalakihan ang gumaganap dito.

*- pinagkunan: Ang Hapon Ngayon p.121*



Isang halimbawa ng arkitekturang Muslim ang Moske sa Kaliran, Bukhara, Uzbekistan. Sa kanlurang Asya, ang mga moske na tulad nito ay mahahalagang gusali.

*Pinagkunan: All Area Travel Guide,1995 p.161*




Rabendranath Tagore: Unang Asyanong pinarangalan ng Nobel Prize para sa Panitikan noong 1918.

*-pinagkunan: Chronicles of theWorld,1999 p.10 56*



Isa sa mga bagong tuklas na halimbawa ng iskulturang Tsino ay ang nahukay na mga pigurang isang hukbo ng mga sundalo (terra-cotta army) na isinama sa libingan ni Emperador Qin Shihuang di.

*hango sa: Wika at panitikan sa Makabagong Henerasyon Fil.II ,2003*

Sa pamamagitan ng mga paliwanag na nabasa mo mula sa iba't ibang paglalahad sa bahaging ito, natitiyak ko na bahagya mo nang nauunawaan ang ilang mahahalagang bagay tungkol sa sining sa Asya.

Upang lubusan mong maunawaan ang tungkol sa sining sa Asya, basahin mo at unawain ang susunod na teksto na nagpapaliwanag sa nabanggit, ang sining sa Asya.

Handa ka na ba?

Simulan mo na!

## Linangin

Ang tekstong ekspositori ay nagpapaliwanag ng mga bagay - bagay. Ang halimbawa ng ganitong uri ng teksto ay tula, balita, pitak, at sanaysay ay naglalahad ng kaisipan, kaalaman, damdamin.at saloobin tungkol sa mga bagay at pangyayari sa paligid.

Basahin mo ang sumusunod na tekstong ekspositori at tingnan mo kung taglay nito ang katangiang binanggit sa unahan.

## Ang Panitikan sa Asya

Umusbong sa Sumer, Mesopotamia (na ngayon ay Iraq) ang unang sibilisasyon sa daigdig noong 3500 B.C. Ang mga *Sumerian* din ang unang nakatuklas ng sistema ng pagsulat na tinatawag na *cuneiform*. Sa pamamagitan nito, binibigkas at naisulat ang unang panitikan sa daigdig na binubuo ng mga alamat, epiko, tula, pabula, kawikaan, awit, at dasal.

Isa sa pinakamahalagang naisulat sa Mesopotamia ang *Epiko ni Gilgamesh.* Natagpuang nakaukit ang epikong ito sa 12 lapida sa mga labi ng palasyo ni Asurbanipal. Bagaman nagmula sa kwentong *Sumerian,* sinasabing isinulat ito sa wikang Akkadian noong 2000 B.C. Ayon sa alamat, si Gilgamesh ay hari ng Uruk, isang estadong lungsod sa Mesopotamia. Nakipaglaban siya sa kaaway na tribo na kinalaunan ay kanyang naging kaibigan. Isa sa nakawiwiling kwento sa epiko ang tungkol sa malaking delubyo o baha na nakatatak sa Lapida XI. Halos katulad ng nasabing kwento ang malaking pagbaha sa Lumang Tipan kung saan si Noah at ang kanyang pamilya lamang ang nakaligtas.

Samantala, nakasulat sa *Sanskrit*, ang sinaunang wika ng India ang dalawang dakilang epikong *Mahabharata* at *Ramayana*. Itinuturing na pinakamahabang tulang epiko sa daigdig ang *Mahabharata.* Binubuo ito ng may 10 000 *couplet* na kinapapalooban ng mga alamat, kasaysayan, at pilosopiyang Hindu. Ang epikong *Ramayana* naman ay sinulat noong 500 B.C. Tungkol ito sa kabayanihan ni Prinsipe Rama na pinaniniwalaang nagtataglay ng mga kapangyarihan ng Hindu. Batay sa salaysay, itinakas ng demonyong hari na si Ravana si Siva, ang asawa ni Rama. Sa tulong ng kanyang kapatid, nagpagawa ng tulay patungong Ceylon (Sri Lanka ngayon) si Rama upang iligtas ang asawa.

*Mula sa: Ang Panitikan sa Asya p. 281*
*Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon*
*Diwa Publication*

Bago mo suriin ang teksto, gawin mo muna ang mga sumusunod na gawain upang lubusan mong maunawaan ang nilalaman nito.

Gawin mo na!

### Talasalitaan

A. Matatalinghagang Salita at Idyoma

A.1.Matalinghagang pahayag

> Ang matalinghagang salita ay nagtataglay ng nakatagong malalim na kahulugan at kaisipan. Ang paggamit nito'y nakadaragdag ng kalinawan, kapamitagan at kagandahan ng isang katha, pasalita man o pasulat.
> Hal."Ang sakit ng kalingkingan ay dama ng buong katawan."
> " Ang tunay na bakal ay napatutunayan sa apoy."

Panuto: Piliin ang letra ng pahayag na nagbibigay - kahulugan sa mga matatalinghagang pangungusap. Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

> Ang mga sumusunod na matatagpuang pahayag ay iniukol sa kariktan ng musika na isa sa mga sining sa Asya.

**Musika Bilang Sining sa Asya**

1\. "Hindi kita malilimot habang ang mundo'y umiikot."

Ang paglimot ay magaganap lamang kapag ang nagsasalita ay;
a. tumanda na
b. namatay na
c. nag-asawa na
d. nagkasakit na

2\. "Kapag kita'y naririnig, nadarama ko na iniaakyat mo ako sa kataas-taasang pedestal ng kaligayahan."

Alin sa mga sumusunod ang angkop na paglalarawan ng nararamdamang kaligayahan ng nagsasalita?
a. maligaya c. maligayang-maligaya
b. medyo maligaya d. lahat ng nabanggit

3\. "Kung naririnig kita ay tila ba pinagkalooban ako ng Diyos ng lakas at sigla upang magampanan ko ang lahat ng aking gawain."

Para sa nagsasalita ang musika ay nagsisilbing _____ sa kanya
a. inspirasyon c. gamot
b. pagkain d. gamit

"Ikaw ay wika ng kaluluwa"

Sa pamamagitan ng musika _______ ng nagsasalita ang kanyang nadarama
a. naipakikita c. naipahahayag
b. naiparirinig d. naipadarama

Iwasto mo ang iyong mga sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

A.2. Pagpapakahulugan sa mga Idyoma

> May mga pahayag na kung matamang susuriin ang kahulugan ng bawat salita'y waring mali kundi man sa likas na tuntunin ng gramatika. Ito'y tinatawag na idyoma. Ang kahulugang ibinibigay ng ganitong pagpapahayag ay di-tuwiran o di-nauukol sa kahulugan ng bawat salita.
> Hal. "Ang puri ng dalaga ay tila <u>babasaging – kristal.</u>"
> Upang magtagumpay, dapat na maging <u>buhay ang loob</u> ng bawat isa sa atin.

Tingnan mo kung nauunawaan mo ang ganitong uri ng pahayag

Panuto: Piliin sa loob ng kahon ang kahulugan ng mga ginamit na idyoma na sinalungguhitan sa bawat pahayag . Gumamit ng sagutang papel sa pagsagot.

1. Naging <u>pasang-krus</u> para sa mga Asyanong artista ang pamamayagpag ng mga kanluraning pelikula sapagkat nawala ang interes ng mundo sa kanilang palabas.
2. <u>Nagbibig-anghel</u> ang mga Hapones nang sabihin nilang ang kanilang sining na "ANIME" ay kikilalanin sa buong mundo.
3. <u>Di-mahulugang karayom</u> ang loob ng coliseum na pinagtatanghalan ng mga mang-aawit na Tsino na miyembro ng Meteor Garden.
4. <u>Litaw na tao</u> sa larangan ng musika ang mga mang-aawit na Pilipinang sina Regine Velasquez at Jolina Magdangal.
5. <u>Mababaw ang luha</u> ng mga artistang Asyano kaya't hinahangaan sila sa mga drama.

| | | | |
|---|---|---|---|
| madaling umiyak | kilala | maraming tao | pahirap |
| nagkatotoo ang sinabi | | walang utang na loob | |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Ngayong naunawaan mo na kung ano ang kahulugan ng idyoma at matatalinghagang salita, alam kong handa ka na upang suriin ang katangian ng teksto.

Handa ka na ba? Simulan mo na!

B.2. Pagsusuri ng tekstong Ekspositori

Gaya ng ibinigay na katangian ng tekstong ekspositori sa unang bahagi ng araling ito, sinasabing ang tekstong ekspositori ay;

B. 2.1. nagpapaliwanag

Hal.

1.a.

> Ang Humanidades (humanities) ay isang malawak na pag-aaral sa saloobin o damdamin at kalikasan ng tao. Ginagamit na batayan sa ganitong pag-aaral ang mga gawa o likhang – sining na itinuturing na pinakamabisang paraan ng pagpapahayag ng kamalayan. Sa pamamagitan ng mga ito, mababakas din ang kultura ng isang lahi.

1.b.

> Umusbong sa Sumer, Mesopotamia ang unang sibilisasyon sa daigdig noong 3500 B.C. Ang mga Sumerian din ang unang nakatuklas ng sistema ng pagsulat na tinatawag na *cuneiform*. Sa pamamagitan nito, binalangkas at naisulat ang unang panitikan sa daigdig na binubuo ng mga alamat, epiko, at tula, pabula, kawikaan, awit, at dasal.

b. 3.

> Ang sinaunang musika sa Asya ay binuo sa pamamagitan ng pinagsama-samang ideya ng relihiyon, pilosopiya, kalawakan, at agham.

b. 4.

> Binigyang-diin sa sining ng pagpipinta ng mga Asyano ang mga simbolong kumakatawan sa paksang inilarawan. Karaniwan dito ay nauukol sa Diyos, hayop o bulaklak. Dahil sa kanilang paniniwala na hindi sentro ng sandaigdigan ang tao, hindi kailanman naakit ang mga pintor na Asyano sa pigura ng tao. Batay rin sa kanilang paniniwala, ang tao ay isa lamang pansamantalang tahanan ng kaluluwa sa paglalakbay patungong kabanalan.

b.2.2. nagbibigay-kaalaman

> Nakasulat ang sinaunang wika ng India ang dalawang dakilang epikong Mahabharata at Ramayana. Itinuturing na pinakamahabang tulang epiko sa daigdig ang Mahabharata. Binubuo ito ng 10 000 couplet na kinapapalooban ng alamat, kasaysayan at pilosopiyang Hindu.

b.2.3.

> Ang musikang Tsino ay naiiba sa musikang kanluranin dahil sa pagkakaiba ng iskalang ginagamit. Gumagamit ng limang tono ang mga Tsino samantalang gumagamit naman ng walong tono ang kanluraning musika.

b.2.4.

> Ang arkitekturang India katulad ng iba pang bansang  Asyano, ay may impluwensya ng mga relihiyong Budismo, Hinduismo, Jainismo at Islam. Ang templo ng Borobudur sa Java, Indonesia at Angkor Wat sa Cambodia ay halimbawa ng mga obra maestra ng arkitekturang India.

*Mula sa:: Wika at Panitikan Fil.2*
*Diwa Publication*

Matapos mong suriin ang katangian ng tekstong ekspositori, gawin mo ang sumusunod na mga gawain upang masubok mo ang iyong kakayahang kumilala sa tekstong ito.

Simulan mo na.

## Gamitin

Panuto: Basahin at unawain sumusunod na teksto at pagkatapos ay sagutin ang mga tanong tungkol dito.

### Wayang Kulit, Bakas ng Palabas

Isang pagtatanghal pangkultura sa Indonesia ang *Wayang Kulit.* Kakaiba ito dahil gumagamit ito ng mga anino sa paglalahad ng isang kwento. Sa wikang Indones, nangangahulugang anino ang salitang *wayang* at balat naman ang *kulit* dahil gawa sa balat ng hayop ang ginagamit na mga *puppet* sa palabas na ito.

Sinasabing nagmula pa ang palabas na *Wayang Kulit* noong ikasampung siglo. Dinala ng mga mangangalakal at paring Hindu ang mga unang *puppet* sa Indonesia. Ginaya ito sa mga madulang pagtatanghal ng India. Layunin ng palabas na ito na makapagbigay ng aral tungkol sa Hinduismo. Sa kabila ng paglaganap ng Islam noong ika- 15 hanggang ika-16 na siglo, nananatili ang kulturang Hindu sa Java, Indonesia.hanggang ngayon. May mga pagtatanghal din ng *Wayang Kulit* sa Tsina at iba pang bansa sa Timog Silangang Asya, ngunit higit na natatangi ito sa isla ng Java.

Tinatawag na *dalang* ang taong nagpapagalaw ng mga *puppet.* Hinihinging maging mahusay na tagapag-aliw ang *dalang.* Siya ang taga-salaysay, taga-awit at makata ng palabas. Siya rin ang nagbibigay ng buhay sa mga pagsasalita at awitin ng lahat ng mga tauhan sa kwento. Upang magawa ito, dapat mahusay ang *dalang* sa pagbagu-bago ng kanyang tinig.

Ginagabayan din niya ang mga manunugtog ng gamelan (mga instrumentong pangmusika na kinabibilangan ng mga *gong, xylophone*,at mga *metalphone* o isang uri ng instumentong gawa sa metal at pinapalo upang makagawa ng tunog) sa tamang saliw ng musika. Mahalaga rin na nasa mabuting kalusugan ang isang *dalang* upang makayanan niya ang isang mahabang oras ng pagtatanghal. Maraming tradisyon ang nakaugnay sa pagiging isang *dalang.* Sa umpisa ng pagtatanghal, Kailangang mayroon lamang isang lugar na pinapasukan ang *dalang* at ginagawa niya ito sa tamang oras. Kinikilala rin ang *dalang* na isang pinuno ng relihiyon na nakikipag-ugnayan sa mga espiritu sa panahon ng pagtatanghal. Para sa pagtatanghal, nakasuot ang *dalang n*g katutubong damit at may nakasabit na *kris,* isang katutubong espada sa kanyang baywang,

Nasa kaliwang gawi ng *dalang* ang *kotak*, isang malaking kahong nilalagyan ng gagamiting mga *puppet.*

**Pamana ng India**

Karaniwang halaw sa mga epiko ng India na *Ramayana* at *Mahabharata* ang kwentong itinatanghal sa *Wayang Kulit*. Batay sa mga epikong ito ang pinakamahalagang kwento sa *Wayang Kulit* ay ang tinatawag na *Wayang Purwa.* Sa paglipas ng panahon mula nang unang dumating ang impluwensiya ng India sa Indones noong mga unang siglo A.D., nagkaroon na mga maraming pagbabago ang mga epiko. Napalitan na maging ang lugar na pinangyarihan at mga pangalan ng mga tauhan sa kwento. Naiangkop na ang epiko sa kwentong Indones. Umabot sa 200 *lakon* o kwento ang nabuo mula sa *Ramayana* at *Mahabharata* para sa *Wayang Kulit.*

Ginagawa ang palabas ng *Wayang Kulit* sa palasyo ng hari at sa mga kapistahan ng bayan, kasalan, pagdiriwang ng kaarawan, pista-opisyal, at maging sa araw ng pagsunod sa labi ng isang namatay. Umaabot ng siyam na oras ang isang pagtatanghal ng *Wayang Kulit.* Karaniwang nagsisimula ng hatinggabi at natatapos pagsikat ng araw ang palabas. Isang malaki at manipis na puting-tabing na tinatawag na kelir ang ginagamit sa palabas. Inilalagay sa likod ng tabing ang *blencong*, isang de-langis na gasera. Dito ipinaaaninag ang mga naggagalawang anino ng *puppet.* Nakikita ng mga manonood ang gumagalaw na anino ng mga *puppet* kasabay ng paglalahad ng mga pangyayari sa isang kwento. Itinutusok ng *dalang* sa isang sanga ng puno ng saging ang mga *puppet* na gagamitin para sa kwento.

Yari ang mga *puppet* sa pinatuyong katad ng kalabaw o kambing. Katulad ito ng mga manikang papel ngunit may mga kamay na gumagalaw. May maselan itong mga ukit at makukulay na pinta. Nilalagyan ng *kebu,* mahahabang sungay ng kalabaw na pinakinis, o patpat mula sa kawayan ang mga *puppet.* May sukat ang mga *puppet* na sampu hanggang 30 piye. Umaabot sa 500 ang *puppet* sa mga palasyo ng hari. Samantala, hanggang 100 *puppet* naman ang ginagamit sa mga nayon. Bukod sa mga tao at diyos ng Hindu, may mga *puppet* ding ibon, kabayo, kalabaw, tigre, at elepante. Umaabot ng ilang lingo ang paggawa ng *puppet.*

*Hango sa: Wika at Panitikan sa Makabagong Henerasyon*
*Filipino II*
*Diwa Publication*